# BALONG BATSIT,
# Ang Bidang Bulilit at Bayaning Bulinggit

Isang batang na may malikot na imahinasyon ang minsan nautusan ng kanyang ina na magtungo sa tindahan. Sa kanyang paglalakad pagpunta sa tindahan, sari-saring mga pagsubok ang kanyang nadaanan. Ang kanyang mabilis na pag-iisip ang kanyang ginamit upang malampasan ang mga balakid na kanyang kinaharap.

# BALONG BATSIT,
## Ang Bidang Bulilit at Bayaning Bulinggit

Si Balong Batsit ay isang mabait at masunuring paslit. Mag-isang supling kaya wala siyang kapatid na makulit. Kasama niya ang ina sa bahay nilang maliit.

Madalas, sa loob lang siya ng bahay naglalaro. Malikot ang kanyang imahinasyon kaya lagi siyang may misyon. Mahilig siyang magpanggap at lumikha ng kakaibang mundo. Minsan, siya ay piloto o hindi kaya ay musikerong wala sa tono. Ngunit kadalasan, siya ay isang prinsipeng walang trono.

Kapag suot niya ang sumbrero na gawa sa dyaryo, lagot ang mga kalaban at kailangan na nilang magtago. Tiyak, hindi sila uurungan ng bidang bulilit, lalo na kapag ang espada na yari sa patpat ay kanyang bitbit.

Sa loob ng kanilang munting tahanan, isang diwatang ubod ng kagandahan, ang nagpakita kay Balong Batsit minsan. Nakiusap na siya raw ay tulungan, mga mahiwagang itlog ang kanyang kailangan. Sa kuweba raw ito matatagpuan, paglagpas ng masukal na kagubatan.

Natakot si Balong Batsit sa pinapagawa ng diwata. Ngunit, naalala niya ang bilin ng kanyang ina. Kailangan daw maging magalang, mabait, at matulungin sa kapwa.

Nagtanong si Balong Batsit, “Hindi po ba mapanganib ang gagawin ko?”

“Oo,” tugon ng diwata. “Ngunit wala akong ibang maaasahan bukod sa iyo.”

Naawa si Balong Batsit, “Huwag po kayong mag-alala, ako ang bahala.”

“Mag-ingat ka,” paalala naman ng diwata.

Agad na tinugon ni Balong Batsit ang hiling sa kanya. Alam niya na ang mga mahiwagang itlog ang tanging lunas sa karamdaman ng diwata. Suot ang kanyang sumbrero at bitbit ang kanyang espada, pinasok niya ang masukal na gubat. Dumaan siya sa pagitan ng malalaking puno, na parang mga halimaw na payat.

"Ako ang bidang bulilit. Ako ang bayaning bulinggit. Hindi ako takot sa halimaw na salingkit," banggit ni Balong Batsit na paulit-ulit.

Nalampasan ni Balong Batsit ang gubat, ngunit hindi siya mapalagay. Kailangan niya palang tumawid sa nakabiting tulay. Sa taas ng kanyang tatawirin, lumiit tuloy ang tingin niya sa mga bagay. May rumaragasang tubig pa sa ilalim ng tulay.

Tumawid si Balong Batsit kahit may alinlangan. Ngunit, hindi ito madaling gawin kaya siya ay pinagpawisan. Nang narating niya ang hangganan, kailangan tahakin ang makitid na daanan. Nakakalula ang bangin sa tagiliran, kaya maingat niyang itong nilakaran.

"Naku, ang tarik. Pero hindi dapat maduwag ang mamang maliit," sabi ni Balong Batsit. "Ako ang bidang bulilit. Ako ang bayaning bulinggit."

Nagliparan ang mga malalaking ibon sa pagdating ni Balong Batsit. Umilag siya upang hindi madagit. Palipad-lipad ang mga ibon at wala silang tigil. Matiyaga niyang hinintay na sila ay umalis, bago siya naglakad muli.

"Ako ang bidang bulilit. Ako ang bayaning bulinggit. Kakayanin kong tumawid," sambit ni Balong Batsit.

Sa wakas, ang kuweba ay narating ni Balong Batsit. Sinilip niya ang loob at napansin ang mga nakabiting paniki. Natanaw niya ang mga mahiwagang itlog sa isang tabi. Nagulat siya nang bigla may narinig na tinig. Hala, may higante palang nagmamasid!

"Kung nais mong makuha ang mga mahiwagang itlog, kailangan mo munang masagot ang aking mga bugtong," sabi ng higanteng uugod-ugod.

Pumayag si Balong Batsit sa larong bugtungan. Sinimulan nila ang hamon na pagalingan. Maraming mga bugtong, ngunit ang lahat ay nasasagot ng bidang may kaliitan. Sa haba ng kanilang tanungan, ang higante ay naubusan. Nag-isip ito ng ibang paraan upang manalo sa paligsahan. Hindi bugtong kundi tanong ang binanggit ng kalaban.

Ang tanong ng higante ay "Ilan, Balong?"

Nag-isip si Balong Batsit at saka nagsabi, "Apat, po!"

Hindi inakala ng higante na masasagot ang kanyang tanong. Hindi niya inasahan na siya ay matatalo. Wala itong magawa kundi sumuko. Bilang paggalang sa kanilang kasunduan, ibinigay niya ang apat na mahiwagang itlog.

"Salamat po," sabi ni Balong Batsit.

"Walang anuman," tugon ng higanteng makulit.

Tuwang-tuwa si Balong Batsit at dali-dali siyang lumisan. Pagtalikod niya, biglang nag-iba ang hitsura ng kuweba. Naglaho ang malaki at madilim na lungga. Naging

tindahan ito na punung-puno ng mga sari-saring paninda. Nagbago rin ang anyo ng higante at naging isang karaniwang tindera.

“Kailangan magmadali. Kailangan mabilis makabalik,” banggit ni Balong Batsit.

Samantala, ang mga malalaking ibon kanina, ngayon ay naging mga tricycle na lang na pumapasada. Lumingon siya sa kanan at lumingon din sa kaliwa. Naghintay si Balong Batsit na maubos ang mga sasakyan bago siya lumakad.

“Kailangan mag-ingat sa pagtawid,” sabi ni Balong Batsit.

Nang nakatawid si Balong Batsit ng kalsada, dumaan naman siya sa bangketa kung saan naroroon ang mga nagtitinda ng dyaryo, ang mga gumagawa ng sirang relo, payong, sapatos, at iba pa. Ito pala ang gilid ng bangin na dinaanan niya kanina.

“Hindi dapat malibang ang bayaning bulinggit. May diwatang nag-aabang sa pagbabalik ng bidang bulilit,” giit ni Balong Batsit.

Tumulay muli si Balong Batsit habang bitbit ang mga mahiwagang itlog. Ngunit, ang nakakalulang nakabitin na tulay, ngayon ay isang kapirasong kahoy na lang, na nakapatong sa ibabaw ng kanal.

“Mag-ingat. Marami at marumi ang mga basurang nakakalat. Hindi dapat mahulog sa kanal,” sabi ni Balong Batsit habang hinihingal.

Pumasok si Balong Batsit sa isang eskinita na may tambak na mga lumang gulong. Ang masukal na gubat kanina ay naging mga tabi-tabing barung-barong. Ang

malalaking puno ay sampayan lang pala na may nakasabit na mga kamiseta at pantalon.

“Kaunting hakbang na lang,” sabi ni Balong Batsit na patalon-talon.

Natuwa ang diwata sa pagdating ni Balong Batsit. Lubos ang kanyang pasalamat at niyakap niya ang paslit ng mahigpit.

Sambit ng diwata, “Salamat, Balong Batsit. Ikaw talaga ang bidang bulilit, ang aking bayaning bulinggit.”

“Nay, heto na po, mga itlog,” banggit naman ni Balong Batsit.

Marami pang pakikipagsapalaran ang mangyayari sa buhay ni Balong Batsit. Ngunit, sa ngayon, kailangan niya munang mag-almusal kasama ang inang marikit.